

Bgry. Magapok*

Eros Atalia

Kahit gabi, wala syang magawa kundi pagtyagaang lakarin ang maputik na daan. Binitbit nya na ang kanyang sapatos. Maging ito ay sumuko sa putik. Sabihing pang imported ang Timber at dinesenyo para sa ganitong sitwasyon, nawawalan din ito ng silbi kapag ang buong hiking shoes ay lubog na sa putik. Kakaiba ang putik ng Brgy. Magapok ng Sta. Barbara de Bendita. Putik talaga. Lupang bundok. Pinong pino. Hindi mabato, di gaya ng ibang putikang lugar na napuntahan nya.

Ginawa nyang panggiya sa daan ang ilaw ng kanyang handycam. Isa-saboy nya ang liwanag sa mahabang maputik na daan. Saka nya papatayin at maglalakad. Dapat tipirin ang baterya. Malayo pa ang destinasyon. May spare battery naman. Kaso, kapag ganitong masama ang panahon at daan, malamang hindi nakabili ng gasolina ang barangay para sa generator.

“Sige Boss, ako na, kabisado ko yun,” ang sabi nya sa boss nya kahapon, Miyerkules.

“Nakabereavement leave ka pa di, ba? I’m just asking you kung mai-gigiya mo lang sina Dex at Val papunta sa site, magpapasunod na lang ako

* Ito ay ang unang kabanata ng nobelang in-progress

ng tao du'n," ang kanyang boss na si Carmen Maglaya. Ramdam naman nya na sinsero at hindi lamang ito nagpaparinig.

Kagagaling lang ng team sa isang community ng mga small-scale minero sa kabundukan ng Barangay Marulas, bayan ng Sta. Barbara de Bendida. Dokyu ang sadya doon. Paano nabubuhay ang mga maliliit na minero sa butil-butil na gintong pinagbubuwisan ng buhay ng marami. Patayan ng magkakamag-anak, magkakapitbahay, magkakababayan. Hindi lang pagmimina ang natisod ng grupo, laganap na rin pala ang illegal logging.

Kung sisilipin mula sa itaas, hindi mahahalatang nakakalbo ang kagubatan, mahusay ang istrategiya ng mga loggers. Hindi nagpuputol ng mga puno na dikit-dikit, mahahalata kasi na may parteng nawawala. Napanot. Ang solusyon, salitan ang pagputol.

Mahusay. Pinagsama-samang guerilla style na may subcontractualization o outsourcing at networking. Pinalabas na proyekto ng gobyerno. May ilang taong nagpunta sa mga maliliit na komunidad. Nagturo ng kabuhayan. Paggawa ng organic fertilizer. Yung isang tao, puputol ng isang puno. Tatapyasin ang mga hindi kailangan. Mga sanga, dahon at iba pa. Ipinunin ang mga sanga. Gagawing uling. Yung mga dahon, patutuyuin, iba-baon, pabubulukin, gagawing compost. Naging organic fertilizer. Tuwing Linggo ng umaga, dadalhin ng tao ang troso, uling at fertilizer sa isang parte ng bundok. Kunwari, mahigpit ang polisiya. Isang tao, isang troso lang. Babayaran ang troso. Tatlondaang piso ang isa. Pero dapat tama ang sukat. Mula 45 hanggang 48 na pye ang haba. Yung uling, bibilhin ng sinkwenta pesos isang sako. Yung organic fertilizer, trenta pesos isang sako. Sa paanan ng bundok, nandoon ang pila ng mga truck. Yung uling, ikakarga sa jeep at ibebenta sa bayan.

Isasalansan ang troso sa mga container van. Tatlong pahalang. Tatlong patong. Lumalabas na syam na troso ang laman ng van. Tapos, sasapinan ng lona. Dahil 52 pye ang haba ng van, ang sobra, lalagyan ng mga sako ng fertilizer. Sasabuyan ng fertilizer ang mga guwang at pagitan ng mga sako hanggang sa tuluyang matakpan pati ang lona. Saka sararhan ang van. May kandado at lalagyan ng selyo. May sticker din. Sa harapan ng van, may nakalagay na "Government Project, Do Not Delay."

Lunes ng maagang maaga, nasa kalsada na ang truck. Mga walong container van ang magkakasunod na babagtas sa kalsada ng Sta. Barbara. Laging Lunes ang iskediyul. Kasi, obligado ang lahat ng government offices

na magsagawa ng flag raising tuwing Lunes ng umaga. Kaya, mga alas syete pa lang, nasa Kapitolyo, munisipyo at iba pang opisina ang maraming taong gobyerno. Kasama doon ang mga pulis, militar at iba pa.

Kapag may “Government Project, Do Not Delay,” malaking porsiyentong walang haharang. Kahit buksan, makikitang puro fertilizang laman. At kapag nagkabukuhan, isang tawag lang sa mga padrino, madali nang mapagbigyan. Syempre, may kaunting pangkape ang makasisita. Pero dahil nakatimbre na ang ganitong “proyekto ng gobyerno,” may regular nang pangmiryenda ang mga nasa posisyon.

Diretso ang mga container van na ito sa isang malawak na compound. Sa gate ng compound, nakalagay ang “E- F.O.R.E.S.T” at sa baba ay nakasulat ang Environmental, Friendly, Organic and Recyclable Energy for Sustainable Tomorrow. Idiskarga ang mga organic fertilizang, ilalagay sa maliliit na supot. Ipamimigay ito sa mga pampublikong eskwelahan, ibebenta sa maliliit na magsasaka sa napakamurang halaga. Yung troso, direktso na sa Rio de Gracio. Nandoon naman naghihintay ang mga barge galing Tsina na nagdadala ng coal para sa isang planta ng Napocor. Ikakarga ang troso sa barge ng coal para pagbalik nito sa Tsina, may baon nang troso.

Kung tutuusin, maliit lang ang logging activity na ito. Pero kung linggo-linggo naman na mahigit sa limampung troso, saku-sakong fertilizang, pwera pa ang uling, pag pinagsama-sama, jackpot na rin. Higit sa lahat, walang tax na binabayaran kasi nababakuran ng kapangyarihan ng pagiging Non-Governmental Organization, dinadakila dahil sa pagtataguyod ng alternatibong kabuhayan, pagtulong sa mga magsasaka at higit sa lahat, pangangalaga ng kalikasan.

Legal ang organic fertilizang. Mamulot ng tuyong dahon na napakarami sa kagubatan. Legal ang paggawa ng uling basta’t ang kukunin lamang ay ang mga nalaglag na tuyong sanga. Pero ba’t nga naman hihintayin pang malaglag ang sanga, mamulot ng tuyong dahon, eh, pwede namang padalin? Putulin ang sanga. Kuhanin ang dahon kahit sariwa pa. Mamamatay din naman ang mga yun. Matutuyo rin. At para mas mabilis, kesa akyatin ang dahon at sanga, putulin na agad ang mismong puno.

Dahil malapit nga lang naman, ang nasabing team na rin sana ang magko-cover sa forecast ng PAGASA sa mga katabing lalawigan ng Sta. Barbara de Bendita na tutumbukin ng bagyo. Martes ng madaling araw, mga lalawigan ng San Dionisio, Maglabong, Aryahan at Sulakbo ang tina-

tayang daraanan. Pambihira ang penomenang ito, ayon sa PAGASA, ilang dekada na ang nakalilipas nang huling salantain ng bagyo ang mga nasabing probinsya kapag buwan ng Marso.

Nataranta ang maraming network kung paano iko-cover ang pambihirang galaw ng bagyo. Nagkataon nga na malapit na sa mga nasabing probinsya ang team. Isang trabaho na lang kapalit ng isang mahaba-habang bakasyon. Kaso, nagkasakit ang Senior Correspondent na si Lester Dimaanan na kasama nina Dex at Val, ang suspetsa, malaria. Naobligang i-admit at ma-confine sa Sta. Barbara de Bendita Provincial Hospital. Under observation pa. Kapag lumala, malaking problema kung paano iuuwi sa Maynila ang may sakit sa gitna ng nakaambang na bagyo. Maiiwan sina Dex at Val, hihintayin ang kapalit. Sya nga.

“Boss, alam ko ang mga probinsyang ‘yun. Ako na, malapit lang ako dun,” pagpiprisinta nya sa boss nya. Nasa kalagitnaan na sya ng byahe papuntang Sta. Barbara de Bendita galing Maynila.

“Okay, ‘kaw bahala, aayusin ko na lang yung extension ng leave mo, in lieu of this assignment.”

“La ‘yun, boss, kaw pa...”

“Mong, salamat talaga, ha? I owe you one.”

Dala nya sa byahe ang kwadro ng nanay nya. Bilin ito ng kanyang nanay noong nabubuhay pa, maglagay ng picture nito sa kapilya ng Brgy. Magapok, ang lugar na napalapit sa puso ng kanyang nanay kahit hindi naman talaga sila tagaroon. Ihahabol nya ito sa pyesta ng Brgy. Magapok.

Ikaapat na Linggo ng Marso ang pyesta dito. Pero tatlong araw ang selebresyon. Byernes ang iba’t ibang pa-contest tulad ng karera ng kalabaw, palakihan ng mga aning gulay, beauty pageant ng mga bakla at iba pa. Sabado, karakol. Isasayaw ang patrong si Sta. Barbara de Bendita sa kapatagan ng barangay. Linggo, pyesta at sa gabi nito ay prusisyon.

Social worker ang nanay nya. Noong magge-grade six na sya, naobliga silang lumipat sa Poblacion ng Sta. Barbara mula sa Sampaloc, Maynila nang na-promote ang nanay nya sa pagiging Regional Director.

Masama ang loob nya, kailangan nyang sumama sa nanay nya. Buti pa ang ate nya na second year college, naiwan sa Maynila. Sya, kasi nga bunso, bata pa, obligadong sumama sa nanay nya. Sa lugar na hindi nya alam kung saan. Na wala syang kakilala ni isa man. Pakiramdam nya, may

nawala sa kanya. Nadaya sya.

Hindi lang sa maiiwan nya ang mga kaibigan, kalaro, kapitbahay at kaeskwela ang ipinagpuputok ng kanyang butse. Kundi, hindi nya na makikita ang crush nyang si Cynthia. Top One sa klase nila si Cynthia, maging class valedictorian. Sya, swerte na kung 3rd or 4th honorable mention, sana. Chubby na maputing tsinita ang crush nyang parang ngumunguya lang kung mag-English at dumidighay lang kung mag-solve ng math problems. Kahit hirap sa Filipino, halatang inaral ito. Natural mas mataas nang kaunti ang grades nya sa Filipino at Home Economics kesa kay Cynthia. Pero sa public school, huli sa listahan ng pinakamahahalagang subjects ang Filipino at Home Economics kasama ng P.E. at Homeroom.

Walang syang pakialam kung kasama sya o hindi sa honor roll, lalong-lalo na sa nanay nya. Hindi naman sya pine-pressure ng nanay nya na maging honor student kahit pa sabihing salutatorian ang ate nya noong elementary at valedictorian noong high school sa eskwelahang pinasukan nya rin. Ang hindi okay, yung, aalis sya. At wala syang magagawa.

Nagtampo sya sa nanay nya. Ilang gabi nya yung iniyakan. Palihim. Pilit nyang tinatanong sa nanay nya ba't kailangan pang sa malayo sila pupunta para lang magtrabaho gayong may trabaho naman ang nanay nya sa Maynila. Kasi nga na-promote. Na-promote? Di ba, dapat, mas magandang posisyon at kundisyon? Bakit parang hindi yata?

Hindi na bago ang mga ganitong eksena at sitwasyon sa buhay nilang journalist. Parang hangin kung saan mapadpad, basta't tawag ng trabaho, nandodoon. Sa limang taon nya sa ganitong buhay, sanay na sya at ang kanyang mga kasamahan sa tensyonado't kumplikadong trabaho. Kapado ang mga protocol, safety measures, back-up plan at higit sa lahat, marunong mag-improvise.

Sya na ang sasama sa team para mag-cover ng bagyong darating. Nagtawagan na lamang sila nina Dex na cameraman at ni Val na assistant cameraman (pero driver talaga ang pangunahing papel). Nagkasundo sila na magkikita-kita na lamang sa Provincial Hospital ng Sta. Barbara de Benedita ng Linggo ng maagang maaga. Para Linggo ng gabi, nakapwesto na sila sa mga probinsyang maapektuhan. Sinabi ni Mong na pupunta muna sya

sa Brgy. Magapok. Pero kung masusundo sya sa bukana ng Rio de Gracio ng Linggo, mas mabuti.

Nagmumula ang Rio de Gracio sa pagitan ng mga bundok ng Marulas at Malinta. Kakanan sa gilid ng kapatagan ng Brgy. Magapok, babaybayin ang paanan ng Bundok ng Alibangbang at tatagos sa pagitan ng bundok na ito at ng Yakal patungong South China Sea.

Sa bukana rin ng Rio de Gracio ang istasyon ng habal-habal. Malalaking motorsiklo na syang pangunahing transportasyon. Kapag mababa ang ilog, kaya na nitong tumawid. Kapag mataas, isinasakay sa balsang gawa sa troso. Sa makikipot, mapuputik, matitinik na daan bumabagtas ang habal-habal. Pero kapag talagang masama ang panahon, mas masama ang daan, sumusuko rin ang sasakyan kahit porsigido pa ang piloto (tawag sa drayber ng habal-habal).

Hindi kaya ng anumang sasakyan pumunta sa Brgy. Magapok maliban sa helicopter at habal-habal. Kung tag-araw, parusa ang alikabok. Sumpa ang putik kung tag-ulan. Pag sisipatin mula sa itaas, parang nakabaligtad na tansan ang nasabing barangay. Malawak, malapad na kapatagan. Napapaderan ng mga kabundukan ng Brgy. Yakal sa hilaga, Brgy. Marulas sa timog, Brgy. Malinta sa kanluran at Brgy. Alibangbang sa silangan. Para itong isla ng patag na lupa. Matabang lupa. Mabiyayang lupa. May Ilog. May bukal. Yun nga lang, kung gaano biniyayaan ang barangay na ito sa likas na yaman, naging maramot naman ang kalikasan sa maayos na daan. Nakulong sa sarili nitong yaman.

Isang araw ang byahe. Isang bus mula Sampaloc at dalawang jeep hanggang Rio de Gracio ng Sta. Barbara de Bendita. Tumatagal ang byahe dahil sa hihintaying pang mapuno bago sumibat. Kinabukasan na kasi ang balik ng sasakyan. Mga walong oras lang kung may sariling sasakyan.

Dala nya ang pang-isang linggong damit. May jacket, malong, insect bite lotion at iba pang kakailanganin. Gamot sa mga karaniwang sakit. Pati pampersonal hygiene. Dala nya ang mga ito kahit hindi naman sa coverage ang punta nya. Force of habit.

Noon pa man, hindi nya problema ang pagbibitbit. Bukod kasi sa may sasakyan naman, pagdating sa site, may mga guide at boluntaryong handang magbitbit ng gamit. Pero syempre, sa mga documentary films, balita, investigative report at iba pa, may maliit na backpack lang ang reporter. Lagi rin syang may dalang video cam. Sa tulad nya, dapat laging may

magagamit na pang-dokumento ano't anuman ang sitwasyon. Kahit mag-isa, makakuha ng magandang anggulo, sipat, kahit mapitik-pitikan lang ang subject.

Mula Maynila, nakarating sya sa bukana ng Rio de Gracio bandang alas tres na ng hapon ng Huwebes. May dalawa pang habal-habal na naghihintay ng pasahero. Sa bukana ng Rio de Gracio, sinimulan nya nang pumitik-pitik ng kuha. Ipapaalam nya sa boss nya na nandoon na sya sa Sta. Barbara, bukana ng Rio de Gracio. Sa gawing ito lang kasi laging may signal ng cellphone. Tsambahan kung makapasok ang signal kung nasa mga bundok na. Nagsisimula nang umambon. Maliwanag pa nang kaunti ang kalangitan sa gawi nya. Pero madilim na sa parte ng Brgy. Marulas.

Tumawag sya agad sa boss nya. Masama ang balitang kanyang natanggap.

Kahapon, super typhoon. Signal number 4. Mabibilang sa daliri kung ilang beses lamang nagpalabas ng ganu'ng signal ang PAGASA, kaya natataranta ang lahat ng government agencies sa posibleng pinsalang maidudulot. Taranta rin ang lahat ng network at news agencies para makakuha ng balita. Ang problema, tatlong araw lang ang naging advance forecast ng PAGASA, dahil sa naunang anunsyo, naghanda ang mga bayan na inaasahang daraanan. Kaya, ilang araw bago pa mag-landfall, nasa mga probinsyang nabanggit na ang iba't ibang network. Ang Sta. Barbara, di matitinag. Malayo-layo naman kasi. Maswerte kung mag-signal number 2 dito. Kaya nga susunod sana sina Dex at Val, kasama nga sana si Lester. Pero dahil nagkasakit, sya na ngayon ang sasama.

Pero iba na ang balita ngayon, nagbago ang direksyon, taranta ang lahat.

Santa Barbara de Bendita na ang tutumbukin.

Gaya ng inaasahan, bugbog sa mura at batikos ang PAGASA. Natural, pinakamagandang depensa ay kulang sa budget at makabagong kagamitan. Saka syempre, climate change at global warming. Palit-plano. Madalian, mabilisan ang paghahanda. Ang apat na araw na bago mag-landfall, dalawa na lang ngayon.

Ang problema, hindi basta-basta makakalipat ang mga network dahil hindi birong ilipat ang mga OBV at microwave van. Kung wala ang mga ito, wala ring silbi. Hindi makakapagpadala ng video o makaka-hook sa satelite. Wala ring komunikasyon. Problema ang mga regional network kasi

mas madaling pumunta ang mga taga-Maynila na may dalang equipment kesa sa regional network na pumunta sa karatig na probinsya. Bukod sa problema ang transpo, walang masyadong OBV at microwave ang mga regional network.

“Wala sana tayong kalaban, kayo lang ang makakakuha, kayo lang ang nandyan. Cancelled ang lahat ng domestic flights pa-south. Sabi ko kina Dex, wag nang piliting bumaba ngayon. Gabi na. Sabi nila, bukas ng maagang-maaga, punta sila Kapitolyo.” Dito naglalaway ang bawat network, makakuha ng eksklusibong footage at balita.

Na-trap ang ibang network sa mga lalawigan ng San Dionisio, Maglabong, Aryahan at Sulakbo.

Parang sinasadya talaga. Nag-iisa lang ang team nila sa Sta. Barbara! Sya sa Brgy. Magapok, sina Dex sa Brgy. Marulas.

Tinawagan nya sina Dex at Val. Masama ang balita. Susunduin na sana sya ng grupo. Kaso, bukod sa mataas ang ilog, malakas din ang agos. Hindi makakatawid ang mga sasakyan mula Brgy. Marulas ng Sta. Barbara papuntang Brgy. Magapok. Ayaw pumayag ng dispatcher na magbakasakali. Dati namang isinasakay ang bus sa balsang gawa sa troso. Pero kapag malakas ang agos at pagabi na, ayaw na nitong magbakasakali o sumugal. Ang kalakaran dito, uunahin munang itawid ang bus at mga kargamento, saka isusunod ang mga pasahero. Minsan nang tumagibang ang balsang troso. Patay ang driver at kundoktor. Sa kabilang barangay pa napulot ang bangkay ng mga ito. Ligtas ang mga pasahero.

Walang magawa sina Val at Dex kundi hintaying bumaba ang tubig sa ilog.

“Sabi nina Dex, pag-passable na sa Rio de Gracio, sunduin ka nila dyan, tapos diretso na kayo ng RDRRMC.”

Sinubukan nyang i-assess ang sitwasyon.

“Kelan ang dating ng bagyo?” tanong nya sa boss nya.

“Landfall mamayang gabi, sabi ng PAGASA, kung di daw magbabago ang takbo, by tomorrow morning, mararamdaman na dyan, how’s the weather there?”

“Ambon-ambon lang. Pero maliwanag pa nung dumating ako, anong plano?”

“Yun nga, di ka masusundo ng crew ngayon.”

Lumalaki ang patak ng ambon. Ibinalot nya sa plastic ang cam recorder. Hindi naman masyadong malakas ang hangin pero sa talim ng kidlat na gumuguhit, nagliliwanag ang tuktok at balikat ng mga bundok sa kanyang harapan. Posibleng umuulan na sa kabundukan. Iyon ang kanyang daraanan. Sasalubungin nya ang ragasa ng tubig. Madulas at maputik ang daan.

Nagdadalawang isip sya kung magpapatila muna o lakasan na lang ang loob para makarating agad sa Brgy. Magapok. Kapag tumaas ang ilog, lalong hindi sya makakatawid. Pero, madilim, madulas ang daan. At nandoon ang sadya nya, sa likod ng bundok.

Nakaalis na yung isang habal-habal. Sinabihan sya ng natitirang piloto na aalis na rin ito. Nag-aalala na lalong tumaas ang ilog at lumakas ang ulan. Tumawag sya sa Boss nya. Ipinaalam ang sitwasyon nya at ang usapan nila nina Dex at Val. Sinabi nyang mauuna na sya sa Brgy. Magapok, doon na magpapalipas ng gabi. At bukas ng maagang-maaga, pupunta sa Kapitolyo para kumuha ng update sa Regional Disaster Risk Reduction and Management Council (RDRRMC).

“Mong, pag delikado, forget it. No news worth dying for, alam mo ‘yan, baka makakuha ng footage sina Dex, sasalsalin na lang dito,”

Uso naman sa kanila ‘yun. Pagsasalsal ng balita. Paghahanap ng iba’t ibang anggulo sa iisang balita. Halimbawa, mga limang team ang nasa isang site, gaya ng evacuation area. Yung isa, naka-focus sa relief distribution. Kung paano tinutugunan ng local at national government ang pamamahagi ng tulong. Natural na isasama sa balita ang relief operation ng kanilang network. Yung isa sa facilities. Mga nagrereklamo sa kawalan ng comfort room, mga nagkakasakit na evacuees, siksikan at magulo. Yung isa sa mga kwento ng mga survivor o may mga namatayan o nawawalang kamag-anak. Yung isa naman, kwento ng kabayanihan. Kung paano nailigtas o nagligtas ng kung sinuman. Isinasama rin ang mga trivial stories tulad ng nanganak sa gitna ng sakuna, nailigtas ng planggana, inunang ilitgas ang mga libro

kesa sa sarili, epekto ng baha sa mga alagang aso at iba pa. Kapirasong balita, pahahabain. Bibigyan ng importansya.

Pero minsan, hindi totooang ‘no news worth dying for.’ Bida sa opisina kapag may exclusive footages. Kasi maging ibang network, hihingi ng permiso sa orihinal na may kuha tapos dahil habang nasa ere, ipinapakita na ang footage ang courtesy ng ganitong network. Trending din ito sa mga social networking sites. Ito rin ang makakatawag atensyon sa mga government agencies lalong lalo na sa international news organizations.

Maraming mga senior correspondent na bigla-biglang nabibigyan ng malalaking break kapag nakakakuha ng malalaking eksklusibong footage o spot report na matagal-tagal mapag-uusapan. Katumbas ito na posibleng maging anchor sa mga news and public affairs program. Radyo o telebisyon. Kalaunan, may mga commercial endorsement na rin. Instant celebrity. Katumbas din ito ng mas malaking kita, mas magandang sasakyan at mas malaking bahay.

Sumakay na sya sa huling byahe ng habal-habal. Luminga-linga pa ang piloto. Tumingin-tingin sa relos.

“Sige na boss, special na. Ako na bahala,” naramdaman nya kasing naghihintay pa ang piloto ng iba pang pasahero. Hindi naman kinakailangang mapuno ng limang pasahero bago lumarga. Alam ng piloto na kapag ganitong masungit ang panahon, bihira ang pasahero. Masalo man lang sana ang pangkrudo at may maiuwi kahit papaano sa pamilya, pwede na.

Pandalas sa pagsikad ang piloto. Ayaw mag-start. Bumaba sya habang kinakalikot ng piloto ang motor.

Lumalaki at lumalakas lalo ang patak ng ulan. Parang umuugong ang paligid dahil sa ihip ng hangin. Dumidilim lalo ang kalangitan. Tinignan nya ang relos nya. Mag-a-alas singko pa lang. Pero parang pasado alas sais na ang paligid. Inilabas nya ang camera na may balot ng plastic. Inilabas nya rin ang jacket nya. Isinuot ito. Binuksan ang camera. Pumitik-pitik sya ng kuha.

Yung sumasayaw na mga puno. Yung namumuong maitim na ulap. Yung guhit ng kidlat sa kalangitan.

Nag-start din ang motor. Sumakay na sila ng piloto.

Humarurot ang habal-habal. Mga isang oras ang byahe ng habal-habal. Depende sa kondisyon ng daan at bigat na kargada.

Pinatigil nya ang motor. Bumaligtad sya ng pwesto. Magkadikit ngayon ang mga likod nila ng piloto. Yung bag nya, inilagay nya sa harapan. Yung kaliwang kamay nya, ikinapit sa motor. Yung kanan ang ginamit para makuhanan ang nilalamasang daan. Sayang, wala ang crew. Mas okay sana ang effect kapag nakukuhanan ng crew ang correspondent na sakay ng habal-habal na kumukuha rin ng shots. Pero katwiran ni Mong, kapag nagkita sila ng crew, pwede namang dayain. Kuha na lang uli.

Pinatigil nya uli ang habal-habal. Ibinalik nya sa bag ang camera. Bumalik sya sa dating ayos ng pagkakaupo.

“Kapit mabuti, sir, paakyat na tayo,” bilin ng piloto.

Mabuti’t sya lang ang sakay at hindi masyadong hirap ang motor. May mga pagkakataon na halos pumupugak-pugak ang motor sa bigat ng kargada at paakyat pa. Pero hirap pa rin dahil basa ang daan. Maputik. Gumegewang-gewang ang likurang gulong lalo na’t hindi masyadong nakakapit sa lupa.

Todo na ang buhos ng ulan. Dumudulas lalo ang daan. Lalong nahihirapan umakyat ang sasakyan. Pinasya nilang sumilong muna.

Sa ilalim ng punong antipolo, sumilong ang dalawa. Nanigarilyo ang piloto, si Mong, inilabas ang camera. Pumitik-pitik. Kinunan ang madilim na kalangitan, ang ragasa ng tubig, ang sayaw ng mga sanga. Ilang minuto na lang sana, nandoon na sila sa pinakamataas na bahagi ng pagitan ng mga Bundok Marulas at Bundok Alibangbang.

Kumukulog-kumikidlat. Lalong lumalakas ang hangin. Matindi na ang buhos ng ulan. Kumalat na ang dilim. Tanging baga ng sigarilyo ng piloto ang pumupunit sa dilim. Kinokoberan ng piloto ang baga.

“Mukhang matatagalan pa ang tila nito, bay...” ang hirap na pagsasalita ng piloto dahil subo-subo pa ang sigarilyo, bahagyang nagliwanag ang mukha ng piloto dahil sa baga.

Sinilip nya ang relos nya. Alas sais na.

“...pa’no ‘to, bay?” dugtong ng piloto. Lumilinga-linga ang piloto. Inaaninag ang pinakamataas na bahagi ng pagitan ng mga bundok. Malampasan lang nila ang mga ito, mas magiging madali at mabilis na ang pagbaba.

“Kakayanin ba natin? Hindi ba delikado?” nakilinga at aninag na rin sya.

Hindi makasagot ang piloto. Sa halip, inilabas nito ang sigarilyo. Tumanggi sya nang alukin sya ng piloto ng sigarilyo. Matagal na syang tumigil sa paninigarilyo. Halos isang taon na. Pero ramdam nya na rin ang lamig. Kumuha na rin sya. Nagsindi. Nangatog ang piloto. Hindi nya maisip kung gaano kahirap sa piloto ang dinaranas na lamig. Sya ngang may waterproof na jacket na isyu ng network, nilalamig, yung piloto pa kaya na nakakapote lang na gawa sa pinaglumaang tarpaulin?

Inilabas nya ang camera. Binuksan ang ilaw. Inaninag ang dadaanan. Malakas na ang ragasa ng tubig. Tinanaw nya ang dulo. Nagbakasakali syang may signal ang cellphone. Mataas na naman ang pwesto nila. Wala pa rin. Pinatakan ng ulan ang screen ng phone. Pinunasan nya agad ito. Isinilid uli sa plastic. Ganoon din ang camera. Balik uli sa bag.

“Hindi naman ganoon kalakas ang hangin, ‘yun nga lang, matindi ang buhos ng ulan, ano?”

“Ikaw bahala, bay... baka kasi abutan tayo ng ulan, bay, baka bukas pa tumigil yan, maninigas tayo dito sa lamig. Para tayong papsikol bukas. Yawa!”

Sinikaran ng piloto ang motor. Nirebolusyon. Nakita sa headlight ng habal-habal kung gaano kalakas ang patak ng ulan. Halos wala silang maaninag sa daan. Dahan-dahan ang andar ng motor. Pagapang. Matarik. Hirap ang motor. Lalong madulas ang daan. Lalong hindi kumakapit ang mga gulong. Lalong gumegewang ang sasakyan.

Tsinaga-tsaga nila ang akyat kahit na parang sisigok-sigok at pupugak-pugak ang habal-habal. Pero tuluyan nang nabalaho ang motor. Masyado nang madulas ang daan. Masyado nang malambot ang putik. Masyado na ring malakas ang agos.

Bumaba sila ng motor. Iniwang bukas ang makina para makapagbuga ng ilaw ang headlight. Inaalalayan ng silinyador at clutch ng piloto ang pagtutulak nila.

“Gaano pa kalayo?” sigaw nya sa piloto.

“Ay, yawa, mga dos kilometro pa, bay.”

Malaking bagay ang malalabay na mga sanga at malalagong dahon sa kagubatan, kahit papaano ay basag na ang ulan pag dating sa kanila. Sa

nakikita nilang kapal ng patak, kung wala pa ang mga nagsisilbing payong, baka hindi lang ‘yun ang maranasan nilang ginaw at hirap.

Sige silang dalawa sa paglalakad habang umaandar ang motor. Nirebolusyon ng piloto kapag umaandap-andap na ang ilaw. Kahit burado na ang trail, saulado pa rin nito ang daang dapat tahakin.

Napatigil sila. Hindi dahil sa pagguhit ng kidlat at dagundong ng kulog.

“Bay, narinig mo ‘yun? Yawa! Dyablong buwang!”

May kung anong parang ingay na tumitili, umiihit, umiigik. Papalapit. Ipinaling-paling ng piloto ang unahan ng motor para masinagan ng headlight ang paligid. Wala silang makita. Pero papalapit ang ingay. Parang kinakatay na hayop.

Nagkunwari syang walang naririnig. Pero alam nyang may ganoon ngang ingay.

“Guniguni mo lang ‘yun,” luminga-linga sya.

Madilim na sa paligid. Napilitan sya tuloy ilabas ang flashlight. Iginala ang flashlight. Ingay ng motorsiklo, kaluskos ng dahon, tikatik ng ulan, ang mga ito ang matinkad nyang naririnig. Pero meron nga talaga syang iba pang naririnig din.

Lumakas ang igik. Nabitawan ng piloto ang motor sa takot. Namatay ang ilaw ng motor. Buti na lang at bukas pa ang flashlight. Papalapit ang ingay. May kumakaluskos sa kung saan. Hindi nya maintindihan kung hakbang o gapang sa putikan. Pinakiramdaman nyang mabuti kung saan nanggagaling ang tunog.

“Bay, bay, yawa, yawa! Dyablong buwang. Dyablong buwang... baka malakat na ‘yan,” hindi magkandatuto ang piloto kung paano bubuhayin muli ang motor.

“Ano ka ba, hirap sa inyo, may internet na, nagpapaniwala pa kayo sa mga malakat...” pasigaw nyang saway sa piloto habang tinutulungan nya ito sa paghawak sa motor samantalang patuloy ang pagpaling nya ng flashlight sa paligid, “kaya hindi umuunlad ang bayan na ‘to” halos pabulong nyang sabi.

Nag-start uli ang motor. Iginala nila ang ilaw. Nirebolusyon ng piloto para lalong magliwanag ang headlight. Pinaalalayan nya sa piloto ang backpack nya. Binuksan nya. May hinalungkat sya sa loob. Nakapa nya. Agad

nyang binunot. .9mm.

Lisensyado ang baril nya at may permit to carry. Bilang isang dating reporter na matagal na nakabeat sa police and crime news, madali para sa kanya at sa mga tulad nya na makakuha ng lisensya at PTC. Hindi nya pinahalata sa piloto na baril ang nakuha nya. Abala pa rin ang piloto sa paglingalinga. Kabado. Palihim nyang isinukbit ang baril sa likuran nya. Naka-safety naman.

Pumuwesto sya sa likuran ng motor. Nakatalikod sya sa motor. Ipinaling-paling nya ang flashlight. Nakadukot ang kamay nya sa baril.

Hindi malabong may kung isang taong nandito rin sa kabundukang ito. Maaring isa sa mga mangangahoy, kaingero, o kung sinumang posibleng gumawa ng katarantaduhan sa kapwa. Sa tapat nya nanggagaling ang ingay. Itinutok nya dito ang flashlight. May gumagalaw. Parang bungkos ng dahon. Pero masyadong mababa kung tao. Kinilabutan sya. Hindi lang gumagalaw, papalapit ang bungkos ng dahon sa pwesto nya. Papalapit din ang ingay. Napansin iyon ng piloto.

“Bay, ibwelta mo motor mo, bilis, dito mo itutok.”

Kabado sya. Sanay syang magpapatok ng baril. Madalas syang nagpapatok sa ilang firing range kasama ng ilang taga-media, pulis at gun enthusiast. Pero hindi pa nya ito nagamit sa totoong away o engkwentro.

Kilala sya sa Maynila bilang isang journalist at reporter. Kaya kaylanman, hindi pa sya napasubo sa gulo. Pero sa ganitong lugar, ang mga nagso-shortcut ng pagpapayaman sa pamamagitan ng pagkidnap, ang mga tulad nyang sikat ay pwedeng pagkakitaan agad. Yun ang iniiwasan ng mga tulad nya. Silang mga tagapaghatid-balita, magiging bahagi ng balita.

May naghahagarang mga kabayo sa dibdib nya. Tinalo ng kaba nya ang lamig.

“Bay, kahit anong mangyari, wag mong papatayin ang motor, rebolusyon mo!”

Ganoon nga ang ginawa ng piloto. Kitang-kita nila na may bungkos ng dahong gumagalaw na papalapit sa kanila. Papalapit din ang ilaw.

Iniluwa ng dilim ang kanilang kinatatakutan. Isang baboy damo. May nakatusok ng sanga ng puno sa may balikat nito.

“Putang ina ka, buti na lang ...” sigaw nya.

Nagkikisay ang baboy damo sa harap ng ilaw ng habal-habal. Parang minamasdan ng hayop ang liwanag. Sumabay sa agos ng putik ang dugo ng baboy damo. Ang igik ay nauwi sa hagok. Tuluyan nang namatay ang baboy damo. Parang humanap lang ng liwanag ang hayop bago mamatay.

Nilapitan nya ang bangkay ng hayop. Akma nyang bubunutin ang sanga nang sawayin sya ng piloto.

“Bay, yawa, bay, wag mong bunutin, baka malakat yan, pag hinugot mo, mabuhay uli.”

Umiling-iling lang sya. Binunot nya ang sanga. Tumilamsik ang dugo sa mukha nya. Tumilamsik din sa ilaw ng motor. Agad nahugasan ng buhos ng ulan ang dugo.

Lumapit ang piloto sa hayop. Sinipa-sipa. Tiniyak kung talagang patay na. “Kadyot lang bay,”

“Bakit, bay?”

“Baka magbalik-tao ba, duda naming yung mambabarang sa Marulas ang malakat, yawa talaga, bay.”

Nagkamot ng ulo si Mong.

“Hanggang ngayon ba nagpapaniwala pa kayo sa aswang, multo, barang? Sus!” kinuha nya ang baboy.

“Aanhin mo ‘yan, bay?”

“Ihahanda bukas sa Magapok, pyesta di ba?” kinarga nya sa motor.

“Baka magbalik-tao ‘yan?”

“Hayaan mo, sagot ko na ang upa nya,” ngumiti sya. Tinapik-tapik sa balikat ang piloto.

Itinali nila ang baboy sa pinakadulong likuran ng motor. Inilabas nya ang Swiss knife. May maliit na parang hunting knife doon. Sinundot nya ang lalamunan ng baboy. Pinatutulo nya ang dugo. Sumasama kasi ang lasa ng karne kapag hindi agad napatulo ang dugo. Humahalo ito sa laman. Sumilong muna sila. Hinayaan nilang bukas ang ilaw ng motor. Bitbit nya pa rin ang flashlight. Naglabas uli ng sigarilyo ang piloto. Nang alukin sya, hindi na sya nagdalawang isip na kumuha. Ngayon nya lang nalasahan ang sama ng lasa ng mumurahing sigarilyo. Sa tagal nyang tumigil, at naka isang istik na sya kanina, ngayon ang pangalawa, bumabalik ang dating panlasa ng kanyang dila sa sopistikadong nikotina at filter.

Nakabilad sa ulanan ang baboy damo.

“Kadyot lang, bay, parang napapanood kita sa tv, ha? Kilala kita. Ay, yawa...”

Tumango-tango lang sya.

“Paano mo nalaman na nasa tv ako, bay? Anong palabas?” huhulihin nya kung talagang kilala sya ng piloto.

“Eh, nasa jacket mo, ba,” inginuso nito ang tatak ng kanilang network “Ay, oo, kaw si Gardo, yung kontrabida sa ‘Bakit Ikaw Pa’? Ay, pagkasama ng papel mo dun, ganun ka ba talaga sa totoong buhay? Kaya pala mata-pang ka, saka magaling kang pumatay. Dedbol agad yung aso sa iyo, yun bang papasukin mo na yung bahay na totodasin mo yung pamilya?”

“Bay, reporter ako, hindi artista sa telenobela.”

“Ay, yawa, kamukha mo kasi, yawa” nagkamot ng ulo ang piloto.

Humihina na ang ulan. Tinignan nya ang relos. Alas otso pasado na. Nagpasya silang maglakad na. Akay ang motor. Halos patila na ang ulan. Pero mas malakas ang ragasa ng tubig. Mas mahirap ang paglalakad kesa kanina. Kaunti na lang. Tyatyagain na lang nila.

Nilibang nila ang sarili sa kwentuhan. Napag-alaman nyang taga-Magapok ito. Paghahabal-habal ang trabaho. Nalaman din nya na kaya ginabi, kasi sa halip na apat na byahe, pinilit nitong makalima kasi nga, pyesta. Bukod sa maraming pasahero, kailangan ng pera panghanda. Sa Magapok, hindi bale nang walang maihanda kung Pasko o Bagong Taon, wag lang sumala ng handa kapag pyesta. Nagulat si Berto, ang piloto, nang ipakilala nya talaga kung sino sya. Ano talaga ang sadya nya sa Magapok.

“Ay, yawa ka, anak ka ng nanay mo, anak ka ni Ma’am Esther?”

“Uy, bay, iyon na ang Magapok,” itinuro nya ang mga bahay na may ilaw. Ang pinakamaliwanag ay ang barangay hall at ang kapilya. Generator ang nagsu-supply ng kuryente sa buong barangay. Nang tingnan nya uli ang relos, mag-aalas dyes na. Kailangan nilang magmadali. Alas dyes, papatayin ang generator. Tatapusin lang kasi ang mga telenobela.

Patila na ang ulan. Pero malakas pa rin ang ragasa. Lalo na ngayong pababa na sila. Kung kanina, mahirap ang umakyat at pasalubong sa agos, ngayon naman, madaling bumaba. Itinutulak nga lang sila ng agos. Walang ibang paraan para mapuna sila ng mga nasa ibaba. Bukod sa malamang na wiling-wili ang mga taga-Magapok sa pinapanood, yung iba ay maagang natutulog dahil maagang-maaga rin nagigising para magsaka. Nirebolusyon

ng piloto ang sasakyan para magliwanag lalo ang headlight. Ipinaling-paling. Baka sakaling may makapuna. Para naman sa ganoon, kahit papaano, baka may sumalubong sa kanila. Sinubukan nilang sumakay. Alalay ang takbo.

Maya-maya pa, nandoon na sila sa barangay hall. Nagpakilala sya sa kapitan ng barangay. Hindi makapaniwala ang kapitan kung sino na sya ngayon. Ang batang dating uhugin, madalas madulas sa pilapil, madalas na makikain, makitulog kung kani-kaninong bahay, ngayon ay isa nang journalist. Nakikita sa telebisyon. Matapos nyang bayaran ang piloto at pasobrahan nang kaunti, inalok nyang pumarte ito sa baboy damo. Iiutos agad ng kapitan sa mga nasa barangay hall na linisin at isangkutsa ang baboy para di masira.

“Ay, ikulao mo pala yung mukha, at mamaya ay makapagpainit tayo,”

Ibinalita nya sa kapitan at sa mga taga-Magapok ang kanyang tala-gang sadya. Inilabas nya ang kwadro. Natigilan ang lahat. Nalungkot. Inakbayan siya ng kapitan.

“Kape ka muna, nagpapahanda na ako ng makakain nyo at mamaya, may pampainit, maha-habang kwentuhan,” iniabot ng kapitan ang tasa ng kape.

Sa lamig, gutom, pagod, namimitig na mga binti, iyon na yata ang pinakamasarap na kapeng natikman nya.

Tila na ang ulan.

Inihanda nya ang gamit. Maliligo sya. Maghahanda para kumain. Magkape. At malamang, makipag-inuman. Mahaba-habang kamustahan, kwentuhan sa mga taong ilang taon nyang nakapiling sa kamusmusan, dito sa Brgy. Magapok.